# Pabatid mula sa Yao City Hall Resource Recycling Division

## Mula Oktubre 1, 2016

# Binago na ang mga nakatakdang supot ng basura na gagamitin para sa basura ng mga bahay

**Walang pagbabago ang 8 uri ng paghihiwalay ng mga basura.**

**Ang binago lamang ay ang mga nakatakdang supot ng basura na gagamitin.**

Ang karaniwang mga supot

※Huwag haluin ang pagtapon ng mga plastik na lalagyan at balot, at mga PET bottles, itapon lamang sa araw na nakatakda para sa bawat uri

※Huwag haluin ang pagtapon ng mga basurang maaaring i-recycle, walang pamantayan at maaaring ibaon sa lupa, itapon lamang sa araw na nakatakda para sa bawat uri

Supot para sa mga nasusunog na basura　52 piraso




Supot para sa mga plastik na lalagyan at balot, at mga PET bottles　32 piraso




Supot para sa mga basurang maaaring i-recyle, walang pamantayan at maaaring ibaon sa lupa　18 piraso




Walang pagbabago ang bilang ng piraso ng karaniwang mga supot. Wala ring pagbabago sa paraan ng paghiwalay ng mga basura. Ang mga **pangunahing pagbabago** ay ang mga sumusunod.

1. Ang supot para sa mga nasusunog na basura ay naging 35L mula sa 45L na laki.
2. Ang ①supot para sa mga plastik na lalagyan at supot, at mga PET bottles, at ②supot para sa mga basurang maaaring i-recyle, walang pamantayan at maaaring ibaon sa lupa ay naging mga supot na maaring magamit sa nasabing ilang mga uri. Ngunit **ang paghiwalay ng basura ay ganoon pa rin**, mag-ingat na **isang uri lamang ang ilagay sa bawat supot at huwag pagsamahin ang ilang uri**.
3. Magagamit ang dating nakatakdang supot hanggang katapusan ng Setyembre. Ngunit nakikinitang may mga magkakamaling gumamit pa rin nito kaya **kokolektahin hanggang Oktubre 7, 2016** ang mga basurang itinapon na nakasupot sa dating supot.
4. Maliban sa mga nabanggit na, binabalak na ang lahat na mga nakatakdang supot ng basura ay makukuha sa pangunahing gusali ng Yao City hall mula Oktubre 1, 2017.

**Tignan din ang likuran**

2-2 Takami-cho 5 Chome, Lungsod ng Yao　Yao City Hall Resource Recycling Division　Tel: 072-924-3866

# Ang kasalukuyang kalagayan ng mga basurang itinatapon sa Yao City


① Tungkol sa kalagayan ng paghihiwalay ng basura
Tulad ng makikita sa ibaba, mga 63% ng nakahalo sa nasusunog na basura ay mga basurang maaaring ihiwalay at i-recycle.

Nilalaman ng nasusunog (sunusunog) na basura

| | | Porsiyento ng mga nilalaman | | Maaari pang hiwalayin! |
|---|---|---|---|---|
| Nasusunog na mga bagay (hilaw na basura) | | 37.22% | | |
| Papel at tela | Maaaring ihiwalay | 30.33% | → | Dalhin sa nangongolekta ng mga mahahalagang basura |
| Plastik na lalagyan at balot | | 26.33% | → | Linisin ♥ Nakatakdang supot para sa plastik na lalagyan at balot |
| PET bottles | | 3.39% | → | Linisin ◆ Nakatakdang supot para sa PET Bottle |
| Maaaring i-recycle na mga bagay | | 1.03% | → | ★ Nakatakdang supot para sa maaaring i-recycle na mga bagay |
| Walang pamantayang basura | | 0.48% | → | ■ Nakatakdang supot para sa walang pamantayang basura |
| Basurang maaaring ibaon sa lupa | | 1.20% | → | ▲ Nakatakdang supot para sa basurang maaaring ibaon sa lupa |
| Kabuuan | | 100.00% | | |

② Tungkol sa nilalaman ng nasusunog na basura (L)
Tulad ng makikita sa kaliwang grapo sa ibaba tungkol sa nailalaman ng nasusunog na basura, karamihan sa mga sambahayan ay mas mababa pa sa 35L, kaya itong tugunan kahit na gawing 35L ang supot para sa nasusunog na basura. At kapag ang maaaring ihiwalay na mga bagay ay ihihiwalay at ire-recycle ng husto, malaki ang ibababa ng dami ng nasusunog na basura.

**Ang nailalaman ng 1 supot ng nasusunog na basura (L)**




(Sa kahulihan)
Isinagawa ang pagbabagong ito upang ibagay ang supot ng nasusunog na basura sa kasalukuyang dami ng basura ng karamihan na sambahayan, tulad ng pinakita ng mga nakasulat sa itaas, ang ibang supot naman ay mas magaling gamitin dahil sa magagamit ito sa iba't ibang uri ng basura kaya hindi na mahihirapan ang sambahayan at uunti na ang pangangailangang humingi ng supot.

Mga 20 taon na ang nakalipas mula unumpisahan ang paggamit ng mga nakatakdang supot para sa mga basura at malaki ang kooperasyong ibinibay ng lahat ng mga mamamayan, amin namang ngayon itinatagubilin ang pagbawas ng dami at pag-recycle ng mga basura.

Nais naming pasulungin ng isa pang hakbang ang resulta ng sapat na pagsisikap ng nakakaraming sambahayan upang mabawasan ang dami at ma-recycle ang mga basura.

Aming muling hinihiling ang inyong kooperasyon ngayon. Taos puso kaming nagpasasalamat.